# Ako ay nasa kalagayang Junub,kaya kinamunghian kong maupo sa iyo na ako ay wala sa kadalisayan,Sinabi niya:Kaluwalhatian kay Allah,Tunay na ang mananampalataya ay hindi nagiging marumi

Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu-:"Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nakasalubong niya siya sa mga daan sa Madinah,at siya ay nasa kalagayang Junub,Nagsabi siya: Nagtago ako sa kanya,umalis ako at naligo,pagkatapos ay dumating ako [sa kanya],Nagsabi siya: Saan ka galing o Aba Hurayrah?Nagsabi siya:Ako ay nasa kalagayang Junub,kaya kinamunghian kong maupo sa iyo na ako ay wala sa kadalisayan,Sinabi niya:Kaluwalhatian kay Allah,Tunay na ang mananampalataya ay hindi nagiging marumi"

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nakasalubong ni Abe Hurayrah ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga daan sa Madinah,at nagkataong siya ay nasa kalagayang Junub,at kabilang sa pagdadakila niya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at pagpaparangal niya sa kanya--ay ang pagkamunghi niya na maupo kasama siya at makipag-usap sa kanya,habang siya ay sa ganitong kalagayan.Lumiko siya sa isang taguan mula sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at naligo siya,pagkatapos ay dumating siya sa kanya-Tinanong siya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kung saan siya pumunta-malugod si Allah sa kanya-,Sinabi niya sa kanya ang kalagayan niya,at tunay na siya ay namunghing maupo sa kanya ng wala sa kadalisayan,Namangha ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa kalagayan ni Abe hurayrah-malugod si Allah sa kanya-sa oras na inisip niya ang pagiging marumi [sa kalagayang Junub],at umalis siya upang maligo.At sinabi niya sa kanya:Tunay na ang mananampalataya ay hindi nagiging marumi sa kahit anong kalagayan.